NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS

Excerpts from the Minutes of the Regular Commission Meeting held on May 30, 2014, Radisson Blu Hotel, Cebu City
and
Confirmed at the Regular Commission Meeting held on July 9, 2014, NCCA, Manila

.....

Special Resolution

[U]pon motion made and duly seconded, the majority of the Commission approved and confirmed this ***Special Resolution:***

Resolusyon Bilang 2014– 420
RESOLUSYON UPANG ITURO SA FILIPINO ANG TATLONG ASIGNATURANG PANGKOLEHIYO SA LEVEL NG EDUKASYONG HENERAL (O G.E.)"

SAPAGKAT sinasaad sa konstitusyon ng 1987, sa artikulo XIV, sekiyon 6 na *"...Dapat magsagawa ng mga hakbangin ang pamahalaan upang ibunsod at puspusang itaguyod ang paggamit ng Filipino bilang midyum ng opisyal na komunikasyon at bilang wika ng pagtuturo sa sistemang pang – edukasyon";*

SAPAGKAT sadyang mahalaga ang paggamit ng wikang ito upang mapaigting ang kamalayang pambansa at pagkakaisa ng sambayanan;

SAPAGKAT umaangat na ang wikang ito bilang pangunahing midyum sa pagpapasulong ng ugnayang panlipunan at pangkabuhayan ng mga manggagawang Filipino sa iba't ibang bansa;

SAPAGKAT ang pagkakaroon ng sariling wika at kultura ang pangunahing batayan ng dangal, pagkilala at paggalang sa atin ng buong daigdig;

SAPAGKAT sa konteksto ng napipintong Association of Southeast Asian Nations' (ASEAN) intergration, lumalaki ang pangangailangan na patibayin natin ang wikang pambansa upang mapanatili nating buhay ang sariling identidad;

KAYA NGAYON, ang Lupon ng mga Komisyoner ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA) ay pinagtibay at puspusang iminumungkahi sa Commission on Higher Education (CHED) na gawing kautusan ang pagtuturo sa Filipino ng tatlong asignaturang pangkolehiyo sa level ng edukasyong heneral;

.....

Prepared by:

MYLA T. BUAN
Board Secretary

For the Board:

FELIPE M. DE LEON, JR.
Chairman